MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS ISSN: 2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 6 Blg.4 | Mayo 31-Hunyo 6, 2021 | P10.00




# DASMA CHESS WIZARDS TO REPRESENT COUNTRY IN FIDE CHESS WORLD CUP p.2




**Get your daily fill from Sizzling Steak SM City Trece Martires**

What's a daily fill that you can't get enough of? Is it an addicting mobile game, a steaming cup of coffee, or a playlist full of your favorite songs? Ours is a serving of thin and tender slices of sweet and salty beef served with irresistible steak sauce and plain rice. Curious? Order Beef Belly for #YourDailyFill now.

Visit Sizzling Steak SM City Trece Martires to get your fill or check Facebook page for details.









**MALUGOD** na ipinagkaloob ni Mayor Emmanuel L. Maliksi, ng Imus City, Cavite, ang Safety Seal Certification award sa SM Center Imus sa pangunguna nina Mr. John Jason T. Tarrenal, SAVP for Operations South Region ng SM Supermalls; Ms. Minabelle B. Llanes, Regional Operations Manager-South 2; at Ms. Catherine Antonio Omarali, Group Public Relations Manager; at kasama rin ang kapulisan ng lungsod nitong nakalipas na Mayo 28. Ang SM Center Imus ang unang SM mall sa Cavite na napagkalooban ng Safety Seal Certification, na nagpapakilala at nagpapatunay na ito ay tumutugon at sumusunod sa minimum public health standards ng pamahalaan ngayong pandemiya para sa kaligtasan ng mga mamimili at maging ng lahat ng kawani ng mall. ***(photos and text by J. Billones)***

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

# Dasma chess wizards to represent country in FIDE Chess World Cup

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA) -- Daniel Quizon and Michael Concio, Jr., two 16 year-old Grade 10 students of the Dasmariñas Integrated High School will represent the country in the FIDE World Cup chess tournament in Sochi, Russia on July 2021.**

The chess athletes ranked top 2 in the recently concluded Asian Zonal 3.3 Chess Championships after winning against Indonesian Grand Masters who represented Indonesia in the Board 1 and 2 of the Chess Olympics.

During the last round of the championships, Quizon tied with Indonesian Grand Master Susanto Megaranto leading with 7 points - 5 wins and 4 draws while Michael Concio scored 6.5 points as he defeated Indonesian Grand Master Novendra Priasmoro in the last round in 103 moves.

The Asian Zonal 3.3 Chess Championship was held via online using the Tornelo platform where the boys played from the home of their coach FIDE Master Roel Abelgas.

Fourth District Representative Pidi Barzaga was proud and expressed support to the teen chess wizards.

"Nakaka-proud isipin na pawang disi-sais anyos ang dalawang batang Pinoy na sina Quizon at Concio ay Grade 10 sa Dasmariñas Integrated High School. Congratulations and keep up the hard work! Ang buong lunsod ng Dasmariñas ay patuloy na sumusuporta sa ating mga batang atleta," said Congressman Barzaga.

(It makes me proud to think that two young Filipinos, Quizon and Concio, are both 16 years old and are in Grade 10 at Dasmariñas Integrated High School. Congratulations and keep up the hard work! The entire city of Dasmariñas continues to support our young athletes.)

The solon thanked the rest of the Team Dasma, coaches GM Darwin Laylo, Fide Master Roel Abelgas, and Chester Caminong for relentlessly guiding the young athletes.

The International Chess Federation (FIDE) is the governing body of the sport of chess and regulates all international chess competitions. ***(Ruel Francisco with reports from Rep. Pidi Barzaga FB page)***

# SLSU-Lucban College of Medicine, aprubado na sa Kongreso

**LUNGSOD NG LUCENA, Quezon (PIA)--**Inihayag ni Quezon 4th District Rep. Angelina "Helen Tan" sa idinaos na "Kapihan sa PIA" kahapon, Mayo 26 na aprubado na sa huling pagbasa ng Mababang Kapulungan sa Kongreso ang pagtatatag ng medical school sa Southern Luzon State Unversity (SLSU) sa Lucban.

Sa Kapihan, pinasalamatan at pinuri ni Tan ang mabilis na pagtugon ng kanyang mga kapwa mambabatas upang maaprubahan kaagad ang nasabing panukala na siya mismo ang may akda.

"Nagpapasamat din po ako sa mga kasamahan kong mambabatas sa pagsuporta sa aking inakdang panukalang batas na siyang tutugon sa pangangailangan o pagkakaroon pa ng marami pang mga health profesionals sa bansa lalo pa ngayong panahon ng pandemya", dagdag pa ng mambabatas

Ayon pa kay Tan, malaking tulong ang pagtatayo ng medical school sa SLSU-Lucban upang matugunan ang kakulangan ng mga doktor sa bansa.

Isa rin sa layunin ng House Bill 9301 na magkaroon ang SLSU ng Doctor of Medicine Program na four-year baccalaureate program na bubuuin ng basic science at clinical course para sa professional physicians sa Philippine Health Care system.

Naka-angkla sa National Health Human Resource Master Plan ang nasabing panukala at nakadisenyo para sa akmang estratehiya sa recruitment, retraining, regulation, retention at reassessment ng health workforce batay sa pangangailangan ng populasyon sa bansa. ***(Ruel Orinday-PIA-Quezon)***

# Ang Tres Marias sa Likod ng Watawat ng Pilipinas

Mahalaga ang naging bahagi ng kababaihan sa kasaysayan ng ating bayan. Sa kanilang simpleng pamamaraan, gamit ang kanilang kakayahan, sila ay tumulong upang ang ating mahal na bayan ay makahulgapos sa tanikala ng malulupit at mapang-aping dayuhan. Kasama rito ang tatlong babaeng gamit ang kanilang husay sa pananahi at sa sining ng pagbuburda, ginawa nila ang bandila ng Pilipinas sa gitna ng himagsikan.

Bandilang pumukaw sa damdaming bayan ng mga Filipino at nagsilbing inspirasyon upang kahit kapos sa sandata ay matapang na lumaban sa dayuhang nanlupig sa ating bayan.

Ating kilalanin ang tatlong babae o "Tres Marias" na tumahi at nagburda ng bandila ng Pilipinas na sina Marcela M. Agoncillo, Lorenza Agoncillo at Delfina Herbosa de Natividad.

Marcela Mariño Agoncillo

Ipinanganak noong ika-24 ng Hunyo 1859 sa Taal, Batangas, kilala si Doña Marcela Mariño Agoncillo sa pagiging makabayan at pagkakaroon ng malasakit sa kapwa. Kasama ng kanyang asawa na si Don Felipe Agoncillo, nagbibigay sila ng libreng serbisyong legal sa mga naghihirap nilang mga kababayan lalo na sa mga taong biktima ng pang-aabuso ng mga Espanyol.

Nanirahan siya sa Hongkong kasama ang kanyang asawa at mga anak upang iwasan ang pagkadakip matapos akusahan si Felipe na filibustero o kaaway ng simbahan at gobyerno. Upang makatulong sa pinansyal na pangangailangan ng pamilya, ipinagbili niya ang kanyang mga namanang alahas.

Ang kanilang tahanan ay nagsilbing santuwaryo ng mga Filipinong ipinatapon ng mga Espanyol. Isa na rito si Heneral Emilio Aguinaldo. Siya ang nagatas kay Doña Marcela na tumahi at magburda ng kaniyang dinisenyong bandila ng Pilipinas. Katuwang ang panganay na anak na si Lorenza Agoncillo at pamangkin ni Dr. Jose Rizal na si Delfina Herbosa de Natividad, manwal nilang tinahi ang bandila sa loob lamang ng limang araw.

Patuloy din na sinuportahan ni Doña Marcela ang kanyang asawa bilang kauna-unahang Filipinong diplomat. Nang sila ay bumalik sa Pilipinas, nagpatuloy ang pagtulong niya sa kapwa.

Si Doña Marcela ay pumanaw noong ika-30 ng Mayo 1946 sa edad na 86, isang taon matapos ang pagsakop ng bansang Hapon sa Pilipinas.

Lorenza Agoncillo

Si Lorenza ay ang panganay na anak nina Dona Marcela at Felipe. Pitong taong gulang pa lamang siya noong tinulungan niya ang kanyang ina na tahiin ang unang watawat ng Pilipinas. Siya ay nakapagtapos sa Philippine Normal School o mas kilalang Philippine Normal University ngayon at inialay ang buhay sa pagtuturo. Si Lorenza ay naging guro sa Malate Catholic School sa Maynila sa loob ng 50 taon. Pumanaw siya sa edad na 81 dahil sa katandaan.

Delfina Herbosa de Natividad

Si Delfina ay ang pamangkin ng kinikilalang pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal. Maikli man ngunit naging makabuluhan ang kaniyang buhay. Sa edad na 13 taong gulang, sumapi si Delfina sa Katipunan dahil sa pang-aapi ng mga Espanyol sa kanyang ama na hindi pinayagang maiburol sapagkat hindi ito nangumpisal. Kasama na rin dito ang ginawa ng mga Espanyol sa kaniyang tiyo na si Dr. Jose Rizal.

Pumanaw si Delfina sa edad na 20 dahil sa matinding kalungkutan dulot ng pagkamatay ng kaniyang 2 taong gulang na anak na si Paz Herbosa de Natividad nang mahulugan ito ng lampara.

Philippine National Flag Days

Sa bisa ng Presidential Proclamation No. 374 na inilabas noong ika-6 ng Marso, 1965 idineklara ang ika-28 ng Mayo bilang National Flag Day upang gunitain ang araw na nagtagumpay ang mga Filipino laban sa mga Espanyol sa Labanan sa Alapan, Imus, Cavite noong ika-28 ng Mayo 1898. Ito rin ang araw na ipinakita ni Pangulong Emilio Aguinaldo sa Teatro Caviteño sa Cavite Nuevo ngayon ay Cavite City ang watawat ng Pilipinas na pinatahi nya sa Hongkong. Noong ika- 23 ng Mayo, 1994 inilabas ang Executive Order No. 179 na nagpapahaba ng selebrasyon ng National Flag day hanggang ika-12 ng Hunyo taon taon.

Lahat ng Filipino ay hinihimok na magladlad ng watawat ng Pilipinas sa panahong ito sa mga tanggapan, ahensiya at instrumento ng pamahalaan, sa mga paaralan, establisyemento at mga tahanan.

*Sanggunian:*

*del Rio, B. (2019, May 28). Marcela Agoncillo: The shero responsible for the Philippine flag. Preen.Ph. https://preen.ph/96489/marcella-agoncillo-the-shero-responsible-for-the-philippine-flag*

*DFA. (n.d.). PHILIPPINE FLAG. Sydneypcg.Dfa.Gov.Ph. https://sydneypcg.dfa.gov.ph/78-the-consulate/688-philippine-%20National%20Hero%20%2D%20Dr.*

*"Flag Of Our Mothers": Little-Known Facts About The Trio Who Made The Philippine Flag. (2020, October 8). FilipiKnow. https://filipiknow.net/philippine-flag/*

*Kahimyang. (2013, October 26). Today in Philippine history, June 24, 1859, Marcela Agoncillo was born in Taal, Batangas. The Kahimyang Project. https://kahimyang.com/kauswagan/articles/1637/today-in-philippine-history-june-24-1859-marcela-agoncillo-was-born-in-taal-batangas*

# Sandigan upholds guilty verdict vs. clerk of court

**MANILA** – The Sandiganbayan has upheld the decision by a regional trial court (RTC) that found a municipal Clerk of Court guilty of malversation of funds, worth PHP412,862, from the Judiciary Development Fund.

In a 21-page decision written by Associate Justice Bernelito Fernandez, the anti-graft court affirmed the Sept. 27, 2019 decision of the Virac, Catanduanes RTC Branch 42 that ruled Aurora Zuñiga was guilty.

Zuñiga was sentenced to up to seven years in prison, fined the equivalent of the amount malversed, and ordered to pay the same amount plus interest to the Supreme Court (SC).

The 2002 Revised Manual for Clerks of Court states that all fiduciary collections upon receipt shall be deposited immediately by the Clerk of Court with an authorized government depository bank.

The case arose from the findings of the Commission on Audit for the period August 21, 2003 to June 19, 2007.

The Fiscal Monitoring Division (FMD) of the SC Office of the Court Administrator then conducted a financial review.

The FMD found that accused-appellant Zuñiga incurred fund shortages for unauthorized withdrawals from the fiduciary fund.

Despite several demands, Zuñiga neither restituted the said fund shortages nor present adequate documents.

In its report dated Dec. 13, 2013, the OCA recommended that Zuñiga, holding the position Clerk of Court II, "be found guilty of dishonesty and that she be dismissed from the service effective immediately, with forfeiture of all benefits, except her accrued leave credits, and with prejudice to re-employment in any branch or service of the government, including government-owned or controlled corporations." ***(PNA)***

# DOH-CALABARZON opens Cabuyao hemodialysis center for COVID patients

**CALAMBA CITY (PIA) - The Department of Health Region IV-A (DOH IV-A) recently opened a new facility for patients with kidney problems who tested positive for COVID-19.**

Last May 19, Regional Director Eduardo Janairo led the opening of the Hemodialysis Center for Covid patients at the Cabuyao City Hospital in Barangay San Isidro.

With a total of 20 dialysis stations that can ammodate around 150 patients per day, the hemodialysis center is the first project established by DOH IV-A through a tripartite agreement between the city government of Cabuyao and NephroMed Asia Medical Group.

"This hemodialysis center will cater solely for patients with kidney problems who tested positive for the coronavirus. Dito, ang mga pasyenteng positibo sa Covid virus ay tatanggapin at hindi tatanggihan na gaya ng ginagawa ng ibang hospital," Janairo said of the facility which the regional health office helped establish.

[This hemodialysis center will cater solely for patients with kidney problems who tested positive for the coronavirus. Here, patients who tested positive for the coronavirus will be accepted and not turned away like what other hospitals do.]

The region's top doctor assured that patients will receive the best services possible as the DOH IV-A facilitated the accreditation and License to Operate (LTO) for this project.

Aware of the treatment costs, Janairo assured that patients who will undergo dialysis need not worry about paying for their treatment.

"Sasagutin ng PhilHealth ang gastos at kung may kulang pa ay pupunan ito ng regional office through the medical assistance for indigents program. Kaya walang dahilan upang hindi makapagpagamot ang mga pasyenteng nangangailangan ng dialysis treatment,"

[PhilHealth will shoulder the costs, while the regional office will pay for the remaining costs through the medical assistance for indigents program. There is no longer a reason for patients not to get their dialysis treatment.]

Aside from the treatment costs, Janairo added that DOH will also assist in logistics augmentation, including the provision of Personal Protective Equipment (PPE) when needed. **(PB/DOH 4-A)**

# Sariaya Bypass Road, bahagyang binuksan sa mga motorista

**SARIAYA, Quezon (PIA)** --Bahagyang binuksan sa mga motorista ang Sariaya Bypass Road sa Barangay Gibanga noong Mayo 20 sa pangunguna ni Department of Public Works and Higways (DPWH) Sec. Mark Villar.

Ayon sa Quezon Public Information Office, ang bypass road na bahagi ng proyektong "Build Build Build" ng DWPH ay may 7.42 km kabuuang haba, sinimulang ipagawa noong 2014 at natapos noong 2019 ay bahagyang binuksan sa mga biyahero

Sa kanyang mensahe, inihayag ni Sec. Villar ang kanyang paghanga sa kasipagan ni Rep. David "Jayjay" Suarez upang matiyak na maisakatuparan ang nasabing proyekto. Inihayag din niya ang pagpapagawa ng mga by pass roads.

Lubos naman ang pasasalamat ni Sariaya Mayor Marcelo Gayeta sa pagkakaroon ng ganitong proyekto sa kanilang bayan.

"Malaking tulong po ang proyektong ito para sa ating mga kababayan sa Sariaya at mga karatig bayan o lungsod lalo sa ating mga motorista upang makaiwas sa matinding trapiko", sabi pa ni Mayor Gayeta

Sa maikling programa, ipinaliwanag ni DPWH 2nd District Engr. Del Rosario Naca ang project briefing ng proyektong Build Build Build sa Sariaya Bypass Road habang ibinalita naman ni Rep. Suarez ang ilan pang mga build build build projects para sa ikalawang distrito ng Quezon.

"Ang pagpapatupad po ng mga proyektong ito ay isang paraan upang mas mabilis pa ang transportasyon at kalakalan," sabi pa ni Suarez

Ibinalita rin ni Suarez ang ipinatatayong agricultural hub sa bayan ng Sariaya.

Ayon sa ulat ng Quezon PIO, malaking tulong ang proyekto para sa mas ligtas at mabilis na paglalakbay ng mga motorista galing sa Metro Manila patungo sa mga lalawigan sa Katimugang Tagalog. ***(Ruel Orinday-PIA-Quezon at ulat mula sa Quezon PIO)***

# USAP LANG

## JUNE BILLONES

**0968-7122927**

# Kesa makapahamak pa ng ibang tao

**ISA** ang nagbuwis ng buhay habang apat ang nasugatan sa nangyaring car accident.

Aksidente nga ba o sadyang may kasalanan o kapabayaan sa panig ng drayber?

Ang namatay ay tsuper din mula sa isang sasakyan at ang mga sugatan ay mga 'inosente' lamang.

Bakit inosente? Kasi ay wala silang kamalay-malay sa nakaambang kapahamakan.

Mabuti na lamang at sugatan lamang at hindi humantong sa kamatayan.

Ang masaklap ay ang tsuper dahil nahagip at nabangga ang minamaneho nitong sasakyan.

Sinalpok siya na nagresulta sa kanyang kamatayan pero ang nakabanggang drayber ay ligtas.

Reckless imprudence resulting to homicide, damage to property at multiple physical injury ang kasong kinaharap ng drayber.

Bakit natin naitanong kung ang pangyayari ay maituturing nga bang aksidente.

Lumalabas kasi sa inisyal na pagsisiyasat ng pulisya na noong ito ay maganap ay mayroong kasama sa loob ng sasakyan ang drayber.

Hindi nga lamang nabanggit kung sino ang kasama ng drayber sa loob ng sasakyan habang siya ay nagmamaneho.

Pero lumitaw sa imbestigasyon na habang nagmamaneho ay nagkaroon ng bahagyang komosyon o away sa pagitan ng drayber at kasama nito.

Dahilan iyon kaya sinasabing natabig o nagalaw ang manibela na pumihit sa kabilang linya.

Sa pagpunta sa kabilang lane ay doon naararo ng sasakyan ang mga pobreng biktima.

Usap lang po tayo, ito ba ay aksidente at kung sino man ang kasama ng drayber ay wala ba siyang pananagutan sa pangyayari?

Kung hindi siya nakipag-away o nakipagtalo sa drayber habang nagmamaneho ay posibleng hindi nangyari ang vehicular accident.

Totoong siyento porsiyento o full responsibility ng drayber ang pangyayari dahil siya ang may hawak o kontrol ng manibela.

Linawin lamang po natin na ito ay open discussion lamang at wala tayong pinangungunahan.

Magsilbi sanang aral na sino man na nasa loob ng sasakyan ay iwasang makipag-away sa nagmamaneho.

At ang drayber naman ay hindi dapat pumapatol sa away sa kung sino mang kasama niya sa loob ng sasakyan.

Kung gusto ninyong mag-away ay pahintuin at itabi ang sasakyan pagkatapos ay bumaba at doon kayo mag-away.

Tama ba? Hehehe…kesa naman makapahamak pa ng ibang tao 'di po ba?

# EDITORYAL

# Misyon ng bakuna

**TILA may pagkalito hinggil sa mga matatanda kapag ang mga ito ay naturukan na ng bakuna laban sa COVID-19.**

**Kahit nakumpleto na ang dalawang bakuna ay ipinagbabawal pa rin ng gobyerno ang paglabas ng bahay sa mga senior citizens.**

**Dalawang dose na nga naman ang naiturok at may panlaban na subalit bakit mahigpit pa rin sa pagpapalabas sa mga matatanda?**

**Tama na prayoridad ng pamahalaan ang mga senior citizens sa pagbabakuna.**

**Ito ay dahil sa sinasabing malapit o prone pa rin ang mga senior citizen sa virus kahit sila ay kumpleto na sa bakuna.**

**Ibigsabihin lamang na kahit bakunado na ay naroon pa rin ang tsansa ng COVID-19 para sa mga naturukan senior citizen man o hindi.**

**Ang misyon ng bakuna ay upang hindi magkakaroon ng matinding sakit sakaling ang COVID-19 ay tatama sa nabakunahan na.**


## ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/09687122927

**Email:** roneje d@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.*** papi

# 2 GRUMADWEYT, KINALAWIT NI KAMATAYAN SA KASIYAHAN

**NAWALAN ng saysay ang pagtatapos sa high school ng dalawang lalaki dahil nauwi sa trahediya ang selebrasyon matapos na naligo at nalunod sa Tanza, Cavite.**

Isinugod pa sa JNRAL Hospital ang mga biktimang sina Christopher Anico, 18, ng Salinas 1, Bacoor City; at Glenn Lares, tinatayang 23-anyos, ng Medicion 1-B, Imus City, subalit namatay habang ginagamot.

Sa ulat ni Pat John Paul Cruz, ng Tanza Police Station, dakong alas-2:00 ng hapon ay nagkayayaan ang mga biktima at labinpito na iba pa na i-celebrate ang kanilang pagtatapos sa high school sa Villa Excellance Resort sa Barangay Sahud Ulan, Tanza.

Nagdala ang mga ito ng maiinom na alak at nagkasiyahan hanggang sa naligo sa dagat.

Sa kanilang paliligo, inabutan umano ang mga ito ng high tide hanggang sa lumakas ang alon kaya nag-panic ang grupo at nag-unahang makarating sa pampang.

Ang dalawa ay naiwan hanggang sa nalunod at tuluyang nawalan ng malay.

Dinala ang dalawa sa pinakamalapit na ospital subalit idineklarang patay dakong alas-3:40 ng hapon habang ginagamot. ***GENE ADSUARA***

# Bagger, ginilitan ng 2 kainuman

**PINAGTULUNGAN** bugbugin at pagtatagain na nagresulta sa kamatayan ng 23-anyos na bagger sa kamay ng dalawang kainuman nito sa Silang, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa CARSIGMA District Hospital ang biktimang si Nyl John Bruce, binata, ng Block 50 Lot 9 Narra 3, Bulihan, Silang, dahil sa tinamong taga sa leeg at bugbog sa katawan.

Pinaghanap ng pulisya ang dalawang suspek na nakilala sa pangalang alias Epok Magalang at alias Baislio Hinayon , kapwa residente ng Phase 6 Brgy Bulihan, Silang.

Sa ulat ni PMSgt Marcelino Fuller, ng Silang Police Station, dakong alas-2:54 ng hapon naganap ang insidente sa Brgy Narra 3.

Bago ang insidente ay maglalaro sana ng basketball ang biktima subalit dahil walang makalaban kaya nagpaalam ito sa kapatid na makipag-inuman na lamang sa dalawa.

Pero sa kalagitnaan ng kanilang inuman ay nagtalo ang mga ito hanggang sa bugbugin ang biktima kaya tumakbo subalit hinabol siya at nang naabutan ay pinagtataga sa leeg.

Ayon kay Fuller, sa kabila ng may nakasaksi sa pangyayari ay walang gustong tumestigo at tila pinagtatakpan ang insidente.

"May nagsasabing plinano ang pagpatay dahil hinabol pa ito, pero wala namang gustong tumistigo. Maging ang CCTV sa lugar ay sinabing walang record dahil sira umano ito," ayon kay Fuller. ***GENE ADSUARA***

# Rider, tepok sa poste

**NASAWI** ang 38-anyos na rider nang bumangga ang minamanehong motorsiklo sa kongretong poste sa kurbadang bahagi ng kalsada sa Dasmarinas City, Cavite.

Sa mismong gitna na ng kalsada inabutan ng kamatayan ang biktimang si Agapito Agustin, ng B10 L3 P2 Andrea Ville Subd Brgy. Salitran IV, Dasmariñas City.

Sa ulat ni Corporal Norman Guerra, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-12:10 ng madaling araw naganap ang insidente kung saan minamaneho ng biktima ang kanyang motorsiklong Rusi at binabagtas ang kahabaan ng Jose Abad Santos Ave.

Pagsapit sa kurbadang bahagi ng kalsada malapit sa Bacao Bridge sakop ng Brgy. Salitran IV, nang nag-overshoot ang kanyang minamanehong motorsiklo at tumama sa kongretong poste.

Dahil sa pangyayari ay humampas ang katawan nito sa aspaltadong bahagi ng kalsada na naresulta sa kanyang agarang kamatayan.

Ayon sa kamag-anak, nakainum umano ang biktima habang nagmamaneho. ***GENE ADSUARA***

# 18 katao, arestado sa birthday party

**LABING-WALO** katao kabilang ang anim na menor de edad ang binitbit matapos na umano'y lumabag sa social gathering nang nagkasiyahan at naginuman sa Dasmarinas City, Cavite.

Kasong paglabag sa Provincial Ordinance No. 268-2021 (Curfew) at City Ordinance 10-S-2020 (Social Gathering at Social Distancing ) ang kinaharap ng mga naaresto na sina Justine Esperida y Macalanda, 27, ng Blk 10 lot 19 Brgy. Salawag, Dasmariñas; John Arwin Movillon, 18, ng Sampaloc Site, Brgy. Bf Homes, Paranaque City; Alias Jas 18, babae, ng Blk 25 Excesslot, Brgy. San Isidro 1, Dasmariñas; Anthony Blanco, 28, ng Brgy. Toclong 1c, Imus City; Jhaicint Maurice Alvino, 18, ng Blk 63 lot 23 Brgy. Victoria Reyes, Dasmariñas; Rogen Caliso, 18, ng BF Homes, Paranaque City; Christopher Aaron Esguerra, 18, ng Paranaque Heights, Lopez Jaena, Paranaque, City; John Drew Botero, 19, ng 014 Caimito St, BF Homes, Paranaque City; Jaypee Dionisio, 18, Sampaloc site, Apple St, BF Homes, Las Pinas; Carlo Batingan, 18, ng Blk 27 Martinville, Brgy. Manuyo 2, Las Piñas; Marvin Martino, 19, ng Blk 22, Manuyo 2, Las Piñas; John Rogie Ro, 18 , ng Riverside, Brgy. San Nicolas 3, Bacoor City; at anim na menor de edad (16 at 17 anyos).

Sa ulat ni Corporal Aaron John Golo, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas- 2:30 Lunes ng madaling araw nakatanggap ng tawag ang mga barangay tanod sa umano'y ginagawang kasiyahan at inuman dahil sa birthday party sa Block 10 Lot 19 Brgy. Salawag.

Nang nagresponde ang mga tanod ng Brgy Salawag ay naabutan sa labas ng bahay na nag-iinum ang mga ito na walang mga face mask at face shield, lumabag sa social gathering at social distancing kaya pinagsabihan.

Subalit imbes na tumalima ay nagkaroon ng pagtatalo, sigawan hanggang sa tulakan dahilan ng kanilang pag-aresto.

Isinailalim muna sa medical examination sa Pagamutan ng Dasmarinas bago dinala sa tanggapan ng pulisya. ***GENE ADSUARA***

# Empleyado ng kapitolyo, nadale ng 'basag-kotse'

**NABIKTIMA** ng 'basag-kotse gang' ang isang empleyado ng Kapitolyo sa Cavite matapos matangay ang tinatayang P24,000 cash sa Bacoor City.

Sa reklamo ng biktimang si Jemon Japoyco, 61, may-asawa, empleyado ng Provincial Govennent ng Cavite at residente ng Bautsta compound, Brgy Binakayan, Kawit, kay Pat. Jerome Asis, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-2:00 Martes ng hapon nang iparada nito ang kanyang Mitsubishi Montero Sport SUV na may plakang UBI 618 sa harapan ng JFY Beauty Salon sa Tirona Highway, Brgy Mabolo 1, Bacoor City at iniwan ito.

Dakong alas-4:00 na ng hapon nang balikan ang sasakyan pero laking gulat niya dahil nadsikubreng basag ang bintana sa driver side at nawawala rin ang kanyang belt bag na naglalaman ng P24,000 cash.

Nagsasagawa ng imbestigasyon ang pulisya sa naturang insidente. ***GENE ADSUARA***

# BOC NAIA reports expeditious processing of Remdesivir medicine

**AS** part of the Bureau's commitment on trade facilitation, the Port of NAIA on May 25, 2021 reports continuous and expeditious processing of Remdesivir Medicine and other shipments related to Anti-COVID-19 efforts.

Amidst false news that the BOC is delaying the release of Remdesivir shipments, the Bureau, through the Port of NAIA, guarantees that the processing and release of legally imported COVID-19 related shipments are being facilitated expeditiously.

The Port of NAIA strictly implements and observes a minimum of one (1) day clearance lead time for the processing and release of Remdesivir and other COVID-19 shipments with complete importation requirements, including License to Operate (LTO), Certificate of Product Registration (CPR), Special Use Authorization (SUA) and/or Compassion Use Authorization (CUA) from the Food and Drugs Administration (FDA).

Based on the port's record, a running total of forty-two (42) shipments of Remdesivir (180,000 vials), have already been processed and released in the port since March 2020. The BOC also continuously reports all facilitated PPE and Vaccine shipments in all its information dissemination platforms, which to date, already accounted at 15,879 shipments of PPE and 14 shipments of COVID-19 Vaccines in Port of NAIA consisting of more than 8 million vials/doses.

The Bureau of Customs under the leadership of Commissioner Rey Leonardo B. Guerrero understands the urgency and importance of these medical supplies needed to minimize the impact of COVID-19. Continuous coordinations with stakeholders and government agencies such as the Department of Health (DOH), Department of Trade and Industry (DTI), and the Food and Drug Authority (FDA), among others, are being conducted to further enhance existing processes and mechanisms to ensure the immediate release of these COVID-related shipments.

According to NAIA District Collector Camelita M. Talusan, the country's premier customs airport will remain committed to Commissioner Guerrero's trade facilitation and border control initiatives to ensure that unnecessary delays are prevented and that no unsafe, prohibited, and unregistered goods will pass through the country's border. ***PR***

# Eleazar orders crackdown vs 'tupada'

**CALOOCAN CITY (PIA)** -- Philippine National Police (PNP) Chief General Guillermo Eleazar has ordered intensified operations against illegal cockfighting or "tupada" following the arrest of 17 persons, including a barangay captain, in Calamba, Laguna for holding the illegal gambling game and violating minimum public health safety protocols.

To recall, Laguna is part of the NCR Plus and remains under the General Community Quarantine with heightened restrictions.

"Ang ilegal na tupadang ito ang mitsa sa nakakalungkot na pangyayari kay Edwin Arnigo. Therefore, I am ordering all police commanders to launch a crackdown against thIs form of illegal activity," said PGen Eleazar.

The PNP chief expressed dismay that among the arrested violators was a barangay captain.

"Ang malala pa dito, sangkot ang kapitan ng barangay. Nakakahiya at nakakagalit na imbes na sawayin ay siya pa ang nangunang pasaway sa tupada. Hindi man lang natinag si kapitan sa nasampolan na barangay chairman sa Caloocan," he said.

"I am also coordinating with the SILG Eduardo Año to give the PNP the clearance to immediately file cases against barangay officials where successful anti-tupada operations would be conducted," he added.

A barangay captain was administratively charged for the Gubat sa Ciudad incident where the resort was opened to hundreds of people despite the Modified Enhanced Community Quarantine in effect over Metro Manila.

Meanwhile, the PNP chief reminded police officers not to get involved with illegal gambling activities, including tupada, and said, "Binabalaan ko rin po ang ating PNP personnel na huwag proprotektahan o kukunsintihin ang anumang klaseng iligal na sugal, gaya ng tupada, dahil siguradong mamalasin kayo sa akin."

Eleazar then directed police commanders, "Siguraduhin ninyong walang sangkot sa iligal na sugal sa inyong mga personnel. Keep your units professional and disciplined at all times."

"Kung alam ng mga pulis na hindi sila kukunsintihin ng kanilang mga pinuno, natitiyak ko na magdadalawang-isip silang gumawa ng iligal na gawain," he added. ***(PIA NCR)***

# SC overrules RTC, CA on plea bargain decision

**MANILA – The Supreme Court (SC) has ruled that the consent of the prosecutor is indispensable in allowing an accused to make a plea bargain in drug charges.**

In a 13-page decision recently made public by the high court's second division and written by Associate Justice Amy Lazaro-Javier, the tribunal granted the petition of the Office of the Solicitor General and set aside the Naga Regional Trial Court (RTC) and Court of Appeal's decision in the case of one Naci Borras.

Borras was first charged in March 2017 for sale of, trading, and possession of dangerous drugs, which carry a penalty of life imprisonment and fines of up to PHP10 million.

However, while the prosecution was presenting its evidence before Naga RTC Branch 61 presided by Judge Soliman Santos Jr. on May 28, 2018, Borras filed a plea bargain to withdraw his earlier plea of not guilty in order to enter twin pleas of guilty for the lesser charge of illegal possession of drug paraphernalia, which carries a penalty of up to four years imprisonment.

The Naga court overruled the prosecution's objections to plea bargaining.

The prosecution had objected on the grounds that Department of Justice (DOJ) Circular No. 061-17, the prevailing circular at that time, proscribed plea bargaining for the crime of sale of dangerous drugs.

The circular also decreed that plea bargaining should be done before the prosecution commenced its presentation of evidence.

The SC, however, said that "contrary to the position taken by the trial court and the Court of Appeals, the conformity of the prosecutor to the proposed plea bargaining in drugs cases is not optional, nay, to be disregarded".

"For the prosecutor has full control of the prosecution of criminal actions; his duty is to always prosecute the proper offense, not any lesser or graver one, based on what the evidence on hand can sustain. As guardian of the rights of the people, the State files the criminal action in the name of the People of the Philippines. The prosecutor who represents the government is duty-bound to defend the public interests, threatened by crime, to the point that it is as though he or she were the person directly injured by the offense. Viewed in this light, the consent of the offended party, i.e. the State, will have to be secured from the prosecutor who acts on its behalf," the SC ruled.

The tribunal invalidated the decision of the Naga City court in the case and remanded it back for resumption of the proceedings on the original charges of violations of Republic Act 9165 (Dangerous Drugs Act of 2002). ***(PNA)***

# Lola, dedo sa motorsiklo

**PATAY** ang 61-anyos na lola nang nabundol ng motorsiklo habang tumatawid sa Silang, Cavite.

Tinangkang i-revive sa Silang Specialist Medical Center ang biktimang si Arsenia Villanueva Destajo, dalaga, dispatcher, ng Bgry Lalaan 1, Silang, subalit namatay habang ginagamot.

Hawak ng pulisya ang driver ng Honda TMX 125 na si Antonio Cabral Gloriani , 48, may-asawa, ng Bgy Castanos, Bailen, Cavite.

Sa ulat ni Corporal Ramil Legaspi, ng Silang Police Station, dakong alas-6:10 ng gabi habang minamaneho ni Gloriani ang kanyang motorisklo patungo sa north to south sa kahabaan ng Aguinaldo Highway, sakop ng Bgry Lalaan 1, Silang ay siya namang pagtawid ng biktima na patungo sa north to south direction.

***GENE ADSUARA***

# 'AYUDA IMBES NA PAUTANG'

Hinimok ni Senador Risa Hontiveros ang realignment ng mga hindi nagamit na pondo sa ilalim ng Bayanihan to Recover As One (Bayanihan 2) Act, at ilaan ito sa ayuda upang mas maraming Pilipino pa ang mabigyan.

"In less than two months, mapapaso na ang effectivity ng Bayanihan 2, pero may mga pondo dito na hindi pa nagagamit. Dapat i-realign ito at gamiting ayuda para sa mga kababayan nating kapos na kapos pa rin hanggang ngayon," ani Hontiveros.

Ayon sa Senador, may P10-bilyong badyet na nakalaan para sa pautang sa micro, small, and medium enterprises (MSMEs) sa ilalim ng Department of Trade and Industry (DTI)-CARES. Sinabi niya na 70% nito ay hindi pa nagagalaw dahil ayaw umutang ng mga MSME at pwedeng gamitin na lang na dagdag-ayuda.

"Ayuda imbes na pautang. Seventy percent ng P10B para sa loans under DTI-CARES ay hindi naman nagagamit pa. Iyon ay P7B na pwedeng pakinabangan ng 1.4 milyong Pilipino. Huwag nang buruhin ang pondo kung pwede namang ibigay na lang sa mga mas nangangailangan," sinabi niya.

Giit ni Hontiveros, dapat tuluy-tuloy ang cash assistance dahil maraming mga Pilipino ang nakikipagbuno pa rin sa krisis sa ekonomiya at maraming pamilya ang naghihirap dahil sa kawalan ng trabaho at pagkalugi sa negosyo.

"Matibay ang ebidensya: Dumoble ang bilang ng mga nagugutom na Pilipino. Anim sa 10 pamilya ang nangungutang para lang may makain. Hindi dapat tumigil ang ayuda dahil hindi naman humuhupa ang paghihirap na dinaranas ng ating mga kababayan," ani Hontiveros.

Muli namang nanawagan ang Senador na pagtibayin at i-institutionalize na ang cash aid sa pamamagitan ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). Sinabi pa niya na tamang pagkakataon ito dahil natapos na ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang pinakabagong poverty survey kung saan may 1.5 milyong new poor families ang inaasahang maisasama sa listahan ng mga beneficiaries ng 4Ps.

Nakatakda ring mag-file si Hontiveros ng isang panukalang batas na mag-aamyenda sa Administrative Code at kusang maglalaan ng badyet ang Department of Budget and Management para sa 4Ps batay sa lumalaking pangangailangan.

"Automatic na lalaki ang budget appropriations para sa 4Ps kapag may krisis at marami ang naghihirap na pamilya. Automatic din na mababawasan ang allocation kapag bumilis ang economic recovery dahil mababawasan din ang pamilyang walang sapat na kita," aniya.

"Now more than ever, we need an institutionalized cash assistance scheme like 4Ps to provide unconditional cash transfers to poor families. Hindi na lang pabugso-bugso ang bigay ng ayuda, lalo na't mas lumalaki ang pangangailangan ng ating mga kababayan. Malaking tulong ito sa ligtas nilang pagtawid tungo sa recovery," pagtatapos niya. ***PR***

# Gatchalian isinusulong ang SIM card registration kontra fake food delivery booking, iba pang online scam

**LUNGSOD CALOOCAN (PIA)** -- Dapat nang mapabilang ang Pilipinas sa mga bansang nag-oobliga ng pagpaparehistro ng mga pre-paid subscriber identity module (SIM) cards at maging paraan ito para matugunan ang mga reklamo sa fake bookings at iba pang panloloko sa online, ito ang pahayag ni Senator Win Gatchalian ngayong araw.

Sa pagtatala ng UK-based na Privacy International noong Marso 2020, sinabi ni Gatchalian na nasa 155 na bansa na ang may mandatory registration ng mga SIM card at nangangailangan ng pagpapakita ng pagkakakilanlan ng bumibili nito.

"Hangga't walang batas na nagpaparusa sa mga kawatan, hindi matatapos ang pambibiktima sa mga gumagawa ng trabaho nila nang marangal at umaasang may maiuwi sa kanilang pamilya," ayon kay Gatchalian.

Ayon sa Vice Chairperson ng Senate Economic Affairs Committee, lubha nang nakakabahala ang mga paulit-ulit na insidente ng panloloko sa mga online orders o bookings na nambibiktima ng mga food delivery riders. Kamakailan lamang ay napabalita ang limang food riders na nabiktima nang may nagpa-deliver gamit ang app na Foodpanda sa isang abandonadong bahay sa Quezon City. Samu't saring mga balitang ganito rin ang naglipana sa social media. Noong isang taon, sampung food delivery riders ang nai-book para mag-deliver ng pagkain na umabot sa P20,000 sa isang residente ng isang subdivision sa Las Piñas City na kalauna'y napagalamanng hindi naman raw gumagamit ng kahit na anong food delivery app.

"Kung may tamang pagkakakilanlan ang taong nagpadeliver gamit ang delivery app, hindi magiging madali ang makapangloko sa mga food riders at maiiwasan ang mga ganitong klase ng insidente. Nakapanlulumo na sa gitna ng pandemya ay may mga taong nagagawa pang makapanlamang sa mga tinatawag nating essential workers sa mga panahong ito," sabi ni Gatchalian.

Nang inihain niya ang Senate Bill (SB) No. 176 noong Hulyo 2019, sinabi ni Gatchalian na ang pangunahing layunin niya ay para sugpuin ang mga iligal na mga gawain katulad ng text scams, ransom demands, pati na rin ang mga bombing incidents na gumagamit ng prepaid SIM card sa mga mobile phones bilang triggering devices.

Sa ilalim ng SB 176 o ang panukalang SIM Registration Act, ang mga gagamit ng prepaid SIM cards ay kinakailangang magpakita ng valid ID na may kalakip na larawan at kailangang magsumite ng pirmadong control-numbered registration form ng service provider. Ang mga kopya ng nasabing dokumento ay ipapasa naman ng service provider sa National Telecommunications Commission (NTC). ***(PIA NCR)***

# 'Tulak' kumasa sa parak, tigbak?

**PATAY** ang isang hinihinalang tulak habang animnapu't pito na iba pa ang inaresto sa isinagawang buy bust operation sa magkakahiwalay na lugar sa Cavite Huwebes ng madaling araw.

